

Inanunsyo ng Lungsod ang Kahilingan para sa Mga Panukala para sa Paghahatid ng Pagkain at Groseri

Ang Mga Negosyo at Organisasyon na Interesadong Sumali ay Hinihiling na Magsumite ng mga Aplikasyon Bago Mag Oktubre 5

Long Beach, CA - Ang Lungsod ng Long Beach ay naglulunsad ng isang bagong programa sa seguridad ng pagkain upang mapalawak ang mga serbisyo sa paghahatid ng pagkain; ang mga negosyo at organisasyong interesadong sumali ay hinihikayat na mag-aplay bago mag Oktubre 1. Ang bagong libreng programa sa paghahatid ng pagkain at groseri ay mapapakinabangan ng isang malawak na segmento ng komunidad at may potensyal na magsilbi sa humigit-kumulang na 100,000 na mga indibidwal, habang nananatiling sulit sa gastos.

Ang bagong programa ay ang una sa maraming mga pagkakataon upang suportahan ang mga nangangailangan ng karagdagang tulong na may kaugnayan sa COVID-19 pandemya. Ang mga organisasyong interesado na tumanggap ng pondo upang makakuha ng mga groseri o maghanda, magbalot, at magpadala ng mga pagkain sa mga karapat-dapat na residente, kasama ang pagsasagawa ng outreach, pag-screen ng pagiging karapat-dapat, at mga serbisyo ng pag-enrol ay maaaring magsumite ng mga aplikasyon sa pamamagitan ng Vendor Portal ng Lungsod ng Long Beach, [PlanetBids](#), ng 11:00 a.m. sa Lunes, Oktubre 5, 2020.

Bago ang pandemya, ang pangkalahatang rate ng kahirapan sa Long Beach ay 18% at mayroong mga census tract sa Long Beach kung saan higit sa 30% ng mga kabahayan ang nakatanggap ng mga benepisyo ng Special Nutrition Assistance Program (SNAP). Pinalala ng pandemya ang pangangailangan sa tulong sa pagkain, lalo na sa mga nakatatanda at mga seksyon ng populasyon na may mababang kita.

Nakatanggap ang Lungsod ng Coronavirus Aid, Relief and Economic Security (CARES) Act na pagpopondo upang suportahan ang pag ginhawa at pagbabalik at katatagan ng komunidad. Ang Konseho ng Lungsod ng Long Beach ay naglaan ng \$3,000,000 para sa mga inisyatibo sa seguridad ng pagkain. Ang isang bahagi ng mga pagpopondo ng CARES Act ay susuporta sa bagong inisyatibo na ito.

Ang Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ay patuloy na bumubuo ng mga estratehiya upang madagdagan ang pag-access sa pagkain sa antas ng kapitbahayan at maglalabas ng karagdagan mga Kahilingan para sa mga Panukala na pinondohan ng dolyares ng CARES Act para sa mga lokal na merkado at mga proyekto sa agrikultura na suportado ng komunidad. Ang Lungsod ay nagpapalano din para sa drive-through at walang-sasakyan na pamamahagi ng pagkain at mga kaganapan sa edukasyon sa nutrisyon kung saan ang mga sambahayan ay bibigyan ng “shelf stable” na mga pagkain, sariwang prutas at gulay, nakayelong karne at mga gatas na produkto, mga materyales ng edukasyon sa nutrisyon at mga mapagkukunan sa komunidad.

Bilang karagdagan sa mga bagong pagkakataon na ito, ang mga restawran sa Long Beach ay maaaring pumili ng mga sumusunod na mapagkukunan na maa-access sa pamamagitan ng Economic Development Department:

- **[Small Business Transition And Technology Grant](#)** (SBTT) na Programa ay magbibigay ng mga gawad upang suportahan ang mga maliliit na negosyong nagpapatakbo sa Long Beach na may pagtuon sa mga matatagpuan sa mga lugar na may kawalan dulot ng heograpiya ng Lungsod na pinaka naapektuhan ng COVID-19. Humigit-kumulang, \$3,300,00 ang magagamit para sa mga SBTT na Gawad. Ang SBTT na Programa ay magbibigay ng Gawad sa Working Capital ng hanggang \$5,000 at Gawad sa Teknolohiya ng hanggang \$2,000.
- **[Emergency Microloan Program](#)** ay idinisenyo upang suportahan ang mga negosyo ng Long Beach at mga non-profit na may lima o mas kaunti na mga empleyado na pinansyal na nahirapan dahil sa COVID-19 na pampublikong emerhensiya sa kalusugan. Sa pagitan ng \$2,500 hanggang \$10,000 ang ginawang magagamit para sa maliliit na negosyo na nagpapatakbo sa Long Beach. Ang mga nalikom na pautang ay maaaring mapunta sa mga gastos sa negosyo, tulad ng tauhan, upa, mga kagamitan/materyales, mga utility, mga propesyonal na serbisyo at marami pa.
- **[Kiva Long Beach Loan Program](#)** ay isang online na programa sa pagpapautang sa komunidad na dinisenyo upang suportahan ang mga maliliit na negosyo sa Long Beach. Sa pagitan ng \$500 hanggang \$15,000 ang maaaring magagamit ng maliliit na negosyo na nagpapatakbo sa Long Beach. Ang mga nalikom sa pautang ay maaaring mapunta sa mga gastos sa negosyo, tulad ng tauhan, upa, mga kagamitan/materyales, mga utility, mga propesyonal na serbisyo at marami pa.

Ang mga katanungan sa media ay maaaring idirekta sa Sentro ng Pinagsamang Impormasyon, jic@longbeach.gov o 562.570.NEWS.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram

###